

CALIFORNIA MORTGAGE RELIEF

MGA KATOTOHANAN

Ang California Mortgage Relief Program ay tumutulong sa mga may-ari ng bahay na makahabol sa mga nakalampas na bayarin sa pabahay, kasama na ang pananalaping tulong sa mga dati nang bayarin sa mga mortgage at mga buwis sa ari-arian.

Ang mga natanggap na pondo ay hindi na kailangang bayaran pabalik at walang gugugulin sa pag-apply.

MGA KAILANGAN PARA MAGING KARAPAT-DAPAT

	Mortgage Relief	Kabayaran sa Buwis sa Ari-arian
Pinakamataas ng Halaga ng Gawad	\$80,000	\$20,000
Kailangang may pananalaping paghihirap kaugnay ng pandemya	✓	✓
Dalawa at higit pang nahuhuling bayarin bago ang Disyembre 1, 2022 at kasalukuyang lampas sa pagbabayad ng bayarin	✓	
1+ nahuhuling pagbayad bago May 31, 2022 at kasalukuyang lumampas sa bayad		✓

Dapat makasunod ang lahat ng mga aplikante sa mga sumusunod na pamantayan:



Makasunod sa mga pangangailangan sa pagiging karapat-dapat sa kita sa sambahayan batay sa Area Median Income ng pampook na county



May-ari ng bahay ng pang-isang pamilya, condo o pangmatagalang nakakabit na ginawang bahay

MAG-APPLY NGAYON

Ang mga may-ari ng bahay ay maaaring makita ang iba pang kaalaman patungkol sa pagiging karapat-dapat at mag-apply online sa CaMortgageRelief.org.

KAILANGAN NG TULONG?

Ang tulong ay makukuha sa 1-888-840-2594.

Pinondohan sa pamamagitan ng Homeowners Assistance Fund ng 2021 American Rescue Act, ang California Mortgage Relief Program ay pinapatupad ng CalHFA Homeowner Relief Corporation sa pakikipagtulungan ng Housing is Key na pinangunahan ng estado.